# Kung Paano Inaakda ang Imahen ng Kabalintunaan sa Ngalan ng Pambansang Identidad sa *Fantasy-Production: Sexual Economies and Other Philippine Consequences for the New World Order* ni Neferti Xina M. Tadiar

*Lorence C. Lozano*
*lclozano1@up.edu.ph*

Binabalangkas ng *Fantasy-Production* ni Neferti Xina M. Tadiar nailathala noong 2004 sa ilalim ng Hong Kong University Press, ang ugnayan ng Pilipinas at Estados Unidos hanggang sa papel ng Pilipinas sa global na antas pang-ekonomiya at kultura. Gamit ang *fantasy-production* bilang teoretikal na salalayan na may kakayahang matukoy ang nasà ng kabalintunaan (fantasy) na naisasakatuparan ng partisipasyon sa paggawa (production) kasama na ang aspirasyon ng napipintong pambansang identidad na inaasam ng mga may kapangyarihan.

Dagdag pa rito, binabasa bilang teksto ang mga kultural na produkto kagaya ng importanteng pangyayari (EDSA), pelikula

at artista (HIMALA at si Nora Aunor), sining, at historikal na pangyayari na may kaugnayan sa paghubog ng ekonomiya at kultura na siyang nagiging lawas ng tunggalian ng aklat. Higit pa rito, nakabalangkas din ang konteksto ng aklat sa post-kolonyal na Pilipinas. Ngunit, ipapakita rin nito ang kabalintunaan patungkol sa pagiging malaya ng Pilipinas sa kolonisasyon.

Sa koleksyon ng mga sanaysay, matingkad na pinapalitaw ang mga kabalintunaan na may kaugnayan sa paghubog ng lipunan lalo na sa sistema ng ekonomiya at kultura. Sinusuri ng *Fantasy-Production* bilang teksto ang mga makasaysayang pangyayari na nagdulot ng masalimuot na pagsasaayos ng sistema na nakaapekto sa daloy ng pamumuhay ng Pilipinas. Sa unang bahagi ng *Fantasy-Production*, ang imahen ng kabalintunaan ay ang pag-awit ng isang banyagang kanta na *"We are the world"* at pagkukunwa ng mga may kapangyarihan (sa kasong ito ang mga Marcos), sa kung ano ang marapat na papuntahan ng Pilipinas sa kamay ng Estados Unidos. Sumisiksik sa pekeng imahen ng pangangarap sa kung ano ang Pilipinas. Wika pa nga ni Tadiar (2004), "the view of the ironies of third world existence comes with a long history of delighting in the contradictions that colonials/traditional peoples represent when they bear the trappings of an alien modernity," (p. 2). Sa ganang ito, mapapansin na sa pagitan ng kontradiksyon ng pagkakaroon at pagtanggap ng mga "bago" ay may tinatagong bighani dala ng pananakop. Dagdag pa rito, maaari ring ipagpalagay na dumadaan sa proseso ng pag-angkop at pagtanggap ang isang lipunan dahil na rin sa 'di maiiwasang pagsama-sama ng mga kultura.

Sa isang banda, ibibigay sa atin sa parehong bahagi ng aklat ang kahalagahan ng pangangarap (dreams) ng isang lipunang taliwas sa kondisyon na iniluluwal ng 'di pantay na distribusyon ng kapangyarihan at pamumuno ng mga nasa puwesto (sa puntong ito ang pamilyang Marcos, dahil nakasentro ang buong unang bahagi hindi lamang sa koneksyon ng daloy ng Pilipinas-Estados Unidos kundi pati na rin ang ugnayan ng mga Marcos sa Estados Unidos noong panahon ng Batas Militar). Dahil nga, "the efforts to represent

the ironies of others' dreams attest to the new importance of dreams and imagination in today's world," (Tadiar, 2004, p. 3). Kaugnay nito, maaari ring umusbong ang mga tanong mula sa pagpapalagay na ito ni Tadiar. Dahil nagkakaroon ng kontradiksyon sa pagitan ng pangangarap at ahensiya (agency) ng mga indibidwal. Paano kung gayon, nakikipagbuno ang mga tao kung kontrolado ng estado ang kanilang pangangarap? Lalo na kung nagiging lawas ng kooptasyon ang mga pangarap ng bawat indibidwal. At sa negosasyong ito, paano binibigyang katuturan ng indibidwal ang kaniyang ahensiya sa kooptasyong ito lalo na kung kinukuha ng may kapangyarihan o estado ang kaniyang kapangyarihan?

Higit pa rito, may kakayahan din itong hubugin ang lipunan at paggalaw ng bawat indibidwal dahil naging isa na rin itong bahagi ng siklo o gawi ng isang tao sa pamumuhay sa isang lipunang walang kasiguraduhan, "imagination has become socialized, entered the everyday life of ordinary people," (Tadiar, 2004, p. 3). Samakatuwid, ang mga kontradiksyon, kung gayon ang naglalabas ng ating mga nasà na siyang pumapaimbalot sa pangarap (dreams) ng mga may kapangyarihan sa nais na maging takbo ng lipunan.

Sa Pilipinas, dala ng mahabang kolonisasyon, lalo na ng Estados Unidos sa bansa na hanggang ngayon ay ramdam pa rin natin ang kanilang presensiya dahil sa mga Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at mga Visiting Forces Agreement (VFA) na naglalayon na mapaigting ang koneksyon at hawak ng mga militar na mula sa Estados Unidos sa Pilipinas. Sa madaling sabi, nagiging kampo ng Estados Unidos ang mga lugar ng EDCA at VFA sa Pilipinas. Kakatwa rin kung paano umiiral ang relasyon ng Estados Unidos at Pilipinas, "the Philippine-American relationship appears as a romance-fantasy that has each government courting and manipulating the other for his or her security and happiness," (Tadiar, 2004, p. 44). Kung titingnan, ang namumutawing balintuna rito ay bagaman, nagiging kooperatibo ang parehong bansa sa isa't isa, hindi pa rin maaalis ang kagustuhan na mahawakan ang kapangyarihan sa kabuuan. Ngunit sa labang

ito ng pakikipagbuno, panalo ang Estados Unidos, dagdag pa nga ni Tadiar (2004):

> …Second, Washington tends to keep a tight leash on Philippine presidents, especially on the matter of keeping
> American bases in this part of the world. Third, America's love is
> never constant, never enduring; Filipino presidents come and go,
> but American interest in this country is eternal. (p. 44)

At ang lahat ng ito ay marapat lamang tiisin ng Pilipinas, dahil kung hindi maaaring masira ang pantasiya na hinuhubog ng Estados Unidos para sa bansa. Sa pagtitiis na ito muling lumalabas ang negosasyon ng ahensiya ng tao hinggil sa kagustuhan ng estado (pamilyang Marcos at Estados Unidos). Ganap bang kagustuhan ng tao (higit lalo kung ipinagpapalagay na inilalantad ng balintuna ang ahensiya) ang pantasiyang binubuo ng estado para sa kanila gayong tinatanaw ng Estados Unidos na ang Pilipinas ay, " needs to be converted and seduced because it is a contradiction to these ideals to the extent that it is residually feudal or pre-capitalist and threatening to become communist or anti-capitalist" (Tadiar, 2004, p. 45) na siya ring nakakaapekto sa ekonomiya at kultural na sistema ng bansa.

Dagdag pa rito, "as a colony it therefore had to be 'emancipated' and granted independence, converted to that American order, which has become today a global order, in order to contain the potentially eruptive antagonism that could develop from the contradiction it poses (by serving as a locus for its displacement), a contradiction that is nevertheless necessary for the motoring of capitalism," (Tadiar, 2004, p. 45). Sa isang banda, hindi lamang ligaw ang ginagawa ng Estados Unidos noon pa man sa Pilipinas para mahawakan at magkaroon ito ng kapangyarihan sa sistemang umiiral dito kundi pati na rin ang pagko-kondisyon kung paano

tatakbo ang mga bagay-bagay na ipinapamandila ng mga may kapangyarihan upang maging pabor sa kanilang sariling interes sa bansa. Kaya kahit na ibinigay na ng Estados Unidos ang kalayaan ng Pilipinas at namumuhay na ito ng siya lamang, lilitaw at lilitaw kung titingnan ang balintuna ng "kalayaan" na ito. Mahihinuha sa ganang ito, na kung inilalantad ng kontradiksyon ang mga balintuna, saan ngayon inilulugar ng tao ang kaniyang sarili sa gitna ng walang-katiyakang hatid ng kapitalismo na siyang binibilog ang kaniyang ahensiya sa pangangarap at pag-iral.

Masalimuot at kakatwa ang resulta nito dahil kahit pa tawagin tayong "little brown brothers" ng Estados Unidos, lalantad at lalantad ang mga imahen ng kabalintunaan sa kahit ano pa man ang mangyari, lalabas at lalabas ang natatagong baho ng Estados Unidos sa kanilang interes para sa Pilipinas na siyang pikit-matang sinusunod ng mga may kapangyarihan na siya rin namang may impluwensiya ng banyaga sa ngalan ng paghubog sa pansariling interes sa "identidad" ng bansa na nakaangkla sa kagustuhan ng mga dayuhan. Sapagkat "it is well known in the Philippines with reference to the US, 'there are no permanent friendships, only permanent interests'" (Tadiar, 2004, p. 41). Kung iisipin pa nga, hindi lamang ang masa ang nagiging sunod-sunuran sa imperyalistang pantasiya ng Estados Unidos kundi pati na rin ang mismong may kapangyarihan (sa kasong ito ang pamilyang Marcos at mga kaalyado nito).

Makatatandaan din dahil sa ganitong relasyon ng Pilipinas at Estados Unidos ang kaso ni Jennifer Laude, isang transpinay na pinaslang ng sundalong Kano na si Joseph Scott Pemberton, na bagaman napatawan ng pagkakakulong ay nanatili ito sa kamay ng Estados Unidos. Makailang ulit na pinigilan at pilit na inilagay sa poder ng Estados Unidos si Pemberton. Makikita rito na bagaman patuloy na tumitindig ang Pilipinas para sa kostodiya ni Pemberton sa pagkakakulong ay nagiging malabnaw ang kapangyarihan ng batas dahil sa mga kasunduan na mayroon ang Pilipinas at Estados Unidos. Kung kaya sa huli, pinatawan ng dating Pangulong Duterte ng *absolute pardon* si Pemberton na naging sanhi ng tuluyang paglaya

nito (Abad, 2020). At ang mga ganitong senaryo ay masinsing tinalakay ng *Fantasy-Production*, naipakita ni Tadiar na mayroong padron ang pagiging sunod-sunuran ng mga presidente ng Pilipinas sa interes ng Estados Unidos.

Sa ganang akin, lumalabas din mula sa pagbuo ng pantasiya ang kabalintunaan ng kapangyarihan ng Estados Unidos sa bansa. Kung titingnan, oo nga't hawak nila ang kapangyarihan at kontralado nila ang nagiging takbo ng pangarap at maging ang produksyon nito ngunit sa pagitan ng talabang ito, maaari ring malirip na sumasailalim ang imperyalistang Estados Unidos sa nasà ng Pilipinas. Sa paghubog ng pagnanasang ito, sa pagitan nito ay mga pagkakataong 'di namamalayan (o marahil ay sinasadya) na bigyang ahensiya ang mga indibidwal upang hubuging muli ang mga nasà na ito. Sa kabuuan, ipinapakita lamang nito na ang mga kontradiksyong dala-dala ng imperyalistang pangarap at pantasiya ng estado ay hindi tiyak at hindi malabong wasakin. Mahalagang aktor ang ahensiya sa usapin ng paggalugad ng balintuna ng imahen na sinasapakete ng Estados Unidos at pamilyang Marcos dahil nailalantad nito na mayroong talaban sa kapangyarihan. Sa madaling sabi, mayroong interupsyon sa kooptasyon ng estado sa pangangarap at aspirasyon ng masa, at sa paglabis, nagiging isang porma na rin ito ng pagbalikwas (resistance) sa pagnanakaw ng estado sa kakayahan ng mga indibidwal na magkaroon ng sarili nitong paglirip hinggil sa kaniyang kinabukasan.

Bukod dito, ubod din ng aklat ang peminisasyon upang ilantad ang balintuna ng pantasiya, kung saan tinitingnan hindi lamang ang katawan ng babae kundi pati na rin kung paano nagiging babae (o feminize) ang nasyon:

> thus the hyperfeminization of the Philippines is a historically new phenomenon, which is not to say that this process of objectification did not exist earlier, for it might be argued that the production of the prostitute as a feminine ideal has long been a cultural corollary to commodity fetishism in the age of capitalism, and that it is on these grounds

> that feminization can be seen to signify the process of management through investment (such was the new mode of control of the colonies in the age of imperialism). (Tadiar, 2004, p. 49)

Mahihinuha sa pagpapalagay na ito ang pagkakasangkapan sa kababaihan upang maisakatuparan hindi lamang ang imperyalistang nasà kundi pati na rin ang parikala ng pangarap ng Estados Unidos para sa bansa. Sa kabilang banda, ang nasyon kung titingnan ay nagiging ekstensyon ng katawan ng kababaihan, "the sexual fantasy is henceforth literally realized on the bodies of women. That is to say, this hyperfeminization is not merely metaphorical but translates into the concrete exploitation and abuse of actual women," (Tadiar, 2004, p. 50). Sa parehong mahalagang punto, makikitang tinatanaw na ang katawan ay hindi ganap na malaya mula sa konstruksyon at negosasyon ng kapangyarihan na nakaangkla sa patriyarka.

Higit pa rito, interesanteng sipatin kung paano kinakasangkapan sa paggawa ang katawan ng babae. Sa usapin ng pagbibigay ng serbisyo kagaya ng prostitusyon, masisipat na sa eksploytasyon ng katawan at kabuuan ng babae ang pagbulag-bulagan ng estado sa danas ng kababaihan upang masustentuhan ang pekeng imahen ng pag-unlad, "the 'boom of the sex industry' is only the necessary consequence of the 'development' of a larger hospitality industry, that is, one that hosts the capital and arms of touring men," (Tadiar, 2004, p. 50). Ngunit, sumasaklaw ang peminisasyong ito at ang integral na papel ng kababaihan sa transnasyonal na antas, "the irony of this situation is that their bodies abroad are worth more than their skills and education at home," (Tadiar, 2004, p. 58). Sa ngalan ng pag-aakda ng pambansang identidad, tinatanggalan ng estado hindi lamang ng diginidad ang mga kababaihan kundi ng pag-iral sa produksyon ng pantasiyang ito. Sa ganang ito, hindi na sila tao kundi mga produktong ibinebenta upang maging kasangkapan sa ekonomiya ng bansa.

Samantala, hindi lamang paglalako ng katawan mula Pilipinas tungong Japan ang naging sangkap ng Estados Unidos at administrasyong Marcos Sr. sa pasistang pantasiya nito. Umusbong din ang pagkakaroon ng mga Overseas Contractual Workers (OCW) at Domestic Helpers (DH). Sa pamamagitan ng dalawang trabahong ito na ibinebenta sa iba-ibang bahagi ng bansa, nagiging mas bukas sa walang-katiyakan ang mga kababaihan lalo na't pumapasok na dito ang transnasyonal na batas o legalidad. Tingnan na lamang ang kaso ni Flor Contemplacion, isang DH sa Singapore na hinatulan ng kamatayan dahil sa kaso nitong pagpatay sa kapwa niya DH na isang pinay din, "the bodies of domestic helpers have become sites for the construction of and contestation over the national body abroad. DH-bodies serve as objects of the nation's struggle for subject-status on the global scene," (Tadiar, 2004, p. 124). At bagaman tinatanaw ang mga DH at OCW bilang mga bagong bayani noong huling dekada ng 80s, hindi maikakaila kung paano sinisiwalat ng mga ito ang balintuna ng imaheng hinuhubog ng estado para sa bansa.

Sa ganang akin, makikita kung paano sinisira ng mismong estado ang imahen na kaniyang iniingatan sa ngalan ng paglirip at pag-akda sa pambansang identidad. Ang mga pagkukunwang ito ang naglalantad sa pekeng imahen ng pasistang administrasyon at Estados Unidos. Higit pa rito, hindi ito nakakatakas sa sarili nitong pagbagsak dahil na rin sa kakulangan nito ng pundasyon upang masustentuhan ang pantasiyang siyang binubuo nito na nakaangkla sa imperyalistang Estados Unidos:

> As moral restitution for it's selling out and selling of itself (its body, its own)
> for 'mere economic reasons', the nation mortified its flesh, not only
> attaining virtuous agency, but also restoring limited powers to itself in the face
> of the threat of its dissolution. (Tadiar, 2004, p. 129)

Sa kabuuan, masalimuot ang naging papel ng kababaihan sa kamay ng pantasiya ng imperyalistang Estados Unidos at ng sunod-sunurang administrasyon. Sa pagwiwika ng peminisasyon ng paggawa at nasyon, nagiging sakripisyo ang mga kababaihan upang sustentuhan hindi lamang ang pantasiya ng bansa kundi pati na rin ang ekonomiya nito. Hindi na lamang lakas-paggawa ang ibinebenta kundi pati na rin ang sariling katawan na siyang nakadaragdag sa takbo ng ekonomiya ng bansa. At hawak, kung hindi nakakulong, hindi lamang ang katawan ng babae kundi pati na rin ang nasyon ng Estados Unidos at ng pasistang administrasyon.

Sa pagbuo ng imahen ng kabalintunaan, mahalaga ring pinanghahawakan ng buong aklat ang pagmamapa o kognitibong pagmamapa (na mahusay ding nagampanan ni Rolando Tolentino sa kaniyang sanaysay na nagpapakita ng kontradiksyon at dinamikong kapangyarihan sa pagitan ng kulturang popular at taga-tangkilik nito sa "Sa Loob at Labas ng Mall.") Sa pagmamapa, ang mga kultural na produkto kagaya ng pelikula, artista, maging ang mga historikal na tunggalian, prostitusyon, paglikha o paggawa ng mga gusali kagaya ng Manila Film Center, Cultural Center of the Philippines, mga kalsada, highways, na siya ring sinuportahan ng Estados Unidos na programa ng pamilyang Marcos, at ganoon din, pinagsisilbihan ng pamilyang Marcos ang interes ng Estados Unidos. Dagdag pa rito, sa pamamagitan ng kognitibong pagmamapa, mahusay na naisisiwalat ang imahen ng kabalintunaan na kaakibat ng modernidad, progresong nakikita sa lipunan, dahil nagiging paraan ito upang makita ang koneksyon ng mga bagay-bagay hindi lamang sa lipunan kundi pati na rin sa kapangyarihan na itinatago nito—maging sa mga politikong kasabwat sa pagbibigay buhay sa mga ito.

Sa pag-akda ng imahen ng kabalintunaan, hindi maitatanggi ang kahalagahan ng kasaysayan dahil ito rin mismo ang inaakda, dito naisusulat ang itsura ng lipunang nagdaan o kahit ang maging nagdaang mahahalagang pangyayari. Wika pa nga ni Tadiar (2004), sa pag-akda ng kasaysayan:

> Hence, the question 'whose history?' has continuously dogged the
> Philippines since the latter's political inception in the late nineteenth century.
> Or, rather, the question has served and continues to serve as a motive force in
> the recurrent founding of the Philippine nation. (p. 152)

Kaya, bilang lunsaran ng pag-akda at pagsiwalat ng imahen ng kabalintunaan, noong panahon ng EDSA 1 o People Power, mapapansin na ito ang naging pagpapasiya sa kung ano ang papupuntahan ng Pilipinas sa kamay ng diktador na si Ferdinand Marcos Sr., sa historikal na pangyayaring ito, pumili at nagpasiya ang masa. Kung kaya, "hence, this event, which has been variously designated as 'the EDSA revolt', 'the People Power Revolution', and, simply, 'February '86', has become an identity inscribed in the hegemonic national imagination through its dominant articulators." (Tadiar, 2004, p. 187). Sa ganang ito, kaakibat ng imahen ng kabalintunaan, ang pagtakda at pagturol sa isang historikal na pangyayari sa pambansang identidad, sa kasong ito, ang EDSA 1 dahil na rin sa pagiging *decision-maker* nito noong panahon ng Batas Militar.

Higit pa rito, nagtutunggali sa makasaysayang pangyayaring ito ang dinamikong kapangyarihan sa pagitan ng *strongman* na si Marcos Sr. at ng babae (na kung titingnan sa isang patriyarkal na lipunan ay mahinhin at mahina) na si Cory Aquino. Ngunit sa panahong ito, nanaig ang imahen ng katapangan sa katauhan ni Cory, naging isa siyang tagapagligtas ng lahat, "but to the great majority, it was this woman's heart that the country badly needed," (Tadiar, 2004, p. 200). Kahit pa sa huli ay naging pasista rin ito. Sa kabila ng lahat, naglalatag din ng pagkakaroon ng pagbalikwas at kontra-naratibo ang *Fantasy-Production.* Sa bawat daplis ng pangangarap ng bawat indibidwal sa kanilang lipunang giangalawan ay pag-asa, na hindi umaasa sa himala.

Hindi maitatanggi ang importansiya at papel ng *Fantasy-Production* sa Araling Pilipino, maging sa kakayahan nitong maging salalayan sa pag-aaral ng ugnayan ng kultura at ekomoniya ng Pilipinas. Kung lalabis pa nga ay sa aspekto ng kultural na imperyalismo at kung paano kinakasangkapan ng imperyalistang bansa at pasistang administrasyon ang kultura upang maisakatuparan ang pagpapamandila nito ng kamalayang-tiwarik. Dagdag pa rito, ang mainam nitong dekonstruksyon sa makasaysayang pangyayari sa Pilipinas, sa imaheng nabuo ng Estados Unidos sa ating bansa, at maging ng mismong diktador na si Ferdinand Marcos Sr.

Mahusay din nitong sinusuri, nilalatag ang mga ugnayan ng peminisasyon ng ekonomiya at kultura sa mismong pagtakbo ng lipunan at sistemang pampolitika. Bilang isang kultural na pag-aaral, umaalpas ang *Fantasy Production* at lumilingkis, sa antas nito bilang interdisiplinaryo, sa iba-ibang metodo, pag-aaral, at higit lalo dahil na rin sa pagtatangka nito na magbigay ng solusyon sa mabigat at malalim na problemang inilatag nito.

Sa huli, bagaman may kakapusan sa ilang bahagi kagaya na lamang sa pagtalakay sa negosasyon ng ahensiya at ganap na kooptasyon ng pangarap ng masa buo pa rin ang kabuuang argumento. Isang masinsin, mabusisi, at malalim na pagtalakay sa ekonomiya at kultura, maging sa kasaysayang dumaan, dadaan, at mangyayari pa lamang sa Pilipinas ang *Fantasy-Production.* Sa pagbubungkal na ginawa nito sa iba-ibang mga teksto at historikal na pangyayari, isiniwalat nito ang 'di makatarungang kapangyarihan na mayroon ang Estados Unidos sa Pilipinas kahit na sinasabing "malaya" na tayo sa kamay ng mananakop. Inuusig tayo ng aklat na tanungin muli ang ating mga sarili: nakalaya na ba talaga ang ating lipunan sa kamay ng mga mananakop?

Dahil ang sagot sa tanong na ito ang magtutulak sa atin na bumalikwas at patuloy na lumaban, at maging bahagi sa malawak na hanay at mahabang proseso ng dekolonisasyon na nagaganap sa Pilipinas hindi na lamang para sa ating pambansang identidad, kundi pati na rin sa ating soberaniya. Dagdag pa rito, nag-iiwan

din ng tanong ang aklat sa atin dahil nga sa post-kolonyal na tungtungan nito na: post-kolonyal ba ang Pilipinas? Dahil baka naman nasa mala-kolonyal na sistemang panlipunan ang bansa dahil na rin sa lantad na kapangyarihan ng Estados Unidos sa ating kultura at litaw na hawak sa ating mga leeg sa kung paano tumatakbo ang ating pamumuhay at sistemang pampolitika.

**SANGGUNIAN**

Abad, M. (2020, Setyembre 9). *TIMELINE: The killing of Jennifer Laude and release of Joseph Scott Pemberton*. Rappler. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/timeline-jennifer-laude-killing-joseph-scott-pemberton-release/

Tadiar, N. X. M. (2004). *Fantasy-production: Sexual economies and other Philippine consequences for the New World Order*. Hong Kong University Press ; Eurospan.

Tomacruz, S. (2022, Hunyo 17). *In charting US ties, EDCA implementation among first opportunities for Marcos.* Rappler. https://www.rappler.com/philippines/edca-implementation-first-opportunities-marcos-jr/

*Si **Lorence Lozano** ay mag-aaral ng BA Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Nagsusulat din siya ng mga rebyu hinggil sa pelikula. Ang kaniyang interes ay sumasaklaw sa hugpungan ng kasarian, politika, at espasyo sa mga pelikula mula sa Timog-Silangang Asya. Maaaring makita ang kaniyang mga sulatin sa pelikula sa Pinoy Weekly, Cha:An Asian Literary Journal, Prachatai English, at Mekong Review.*